

**NOAA**  
**FISHERIES**

National Marine Fisheries Service  
Pacific Islands Regional Office



# WORKSHOP UKOL SA MGA PROTEKTADONG URI NG HAYOP

Gabay sa Paghawak, Pagpapakawala at Pagkakakilanlan

PANGISDAANG PANG-LAOT NG MGA ISLA SA PACIFICO

*Tagalog translation support from Western Pacific Regional Fishery Management Council under Award NA15NMF4410066.*




# Pawikan


## Kapag maliit ang pawikan na kayang maisakay




1. Pahintuin ang barko.



2. Gumamit ng salap (lambat na nakakabit sa tikin) nang maisakay ang mga maliliit na pawikan para maalis ang engranahe.




3. Ilagay ang pawikan sa gulong upang mapanatili sa pwesto.



4. Alisin ang gamit sa pangingsda.




Kung nakalantad ang sima ng kawil: putulin ang kawil gamit ang pamutol ng trangka, at alisin ang lahat ng bahagi ng kawil.




5. Kung ang sima ng kawil ay nakabaon sa laman: Subukan munang paikutin ang kawil papalabas na gamit ang plais.



6. Kung ang sima ay nakabaon sa laman, at hindi epektibo ang pag gamit ng plais para maalis ang kawil, subukang gumamit ng pangtanggap ng kawil na may maikling hawakan.




6a. Ilagay ang pangtanggap ng kawil 90 digri mula sa linya na ang hulihang bahagi ay nakaharap papataas.




6b. Hilahin ang pangtanggap ng kawil patungo sa iyo hanggang mahatak ang linya ng bilog na bahagi ng panganggap, panatiliing nakadikit ang gamit pananggal at ang linya.




6c. Paikutin ang pangtanggap ng kawil, 1/4 sa pakanang ikot (ang linya ay dapat nasa loob ng bilog na bahagi ng pangtanggap ng kawil).



6d. Idaan ang pangtanggap ng kawil pababa sa linya hanggang sa ito ay dumugtong sa bandang ilalim ng kawil.



6e. Hilahin ang linya nang mahigpit at nakahanay sa pangtanggap ng kawil, mabilis na itulak at iikot ang pangtanggap ng kawil para maalis ang kawil. Gawin ito ng dalawa or tatlong beses.




6f. Panatilihin maigting ang linya, para manatiling nasa loob ng bilog na bahagi ng gamit pananggal ang kawil, hanggang sa kawil ay maalis sa pawikan.




# Pawikan

## Kapag maliit ang pawikan na kayang maisakay


7. Iwanan ang kawil, at gupitin ang linya hangga't maaari malapit sa kawil kung:



Nalunok ng pawikan ang kawil.




Ang kawil ay tumagos na sa ngala-ngala.






Ang kawil ay nasa likod na ng lalamunan (glottis)



8. Kung napulupot ang pawikan sa linya, gamitin ang panggupit ng 'monofilament' line para maalis ang lahat ng linya mula sa pawikan.



9. **CPR ng Pawikan:** Kung ang pawikan ay nawalan ng malay (lumilitaw na patay or hindi gumagalaw), subukang pahimasmagan ang pawikan (ulit-ulitin ang mga hakbang 9a at 9b).



9a. Pagalawin ang unahang palikpik sa buong saklaw ng pag-galaw ng pitong (7) ulit.



9b. I-tiklop ng unahang palikpik papa-ilalim ng katawan, at maragsang itulak ang 'joints' ng mga palikpik papunta sa uka ng katawan ng pitong (7) ulit.

Pagkatapos, ulitin ang buong siklo nang ilang beses para masubukang mahimasmagan ang pawikan.

9c. Kung ang pawikan ay walang pa ring malay, panatilihin naka-angat ng anim (6) na pulgada (15 cm) ang hulihang palikpik ng pawikan upang lumabas ang tubig mula sa baga. Bigyan ang pawikan ng kulang-kulang apat (4) na oras para makabawi naayon sa batas, o hanggang sa 24 oras kung maaari. Kadalasan, ang mga pawikan ay nasa estado ng pagkabigla at maaaring magmukang patay na, ngunit kadalasan ay maaari pa rin silang masalba.



6 Inches (15 cm)

10. Maingat na pakawalan ang pawikan. Kung ang pawikan ay mukhang buhay at aktibo, ilagay ang makina sa niyutral at pakawalan ang pawikan.




11. Itala and pangyayari sa inyong talaan.

| Protected Species |           |         |      |
|-------------------|-----------|---------|------|
| Number Released   |           |         |      |
|                   | Uninjured | Injured | Dead |
| TLES:             |           |         |      |
| back 54           |           |         |      |
| en 53             |           |         |      |




## Pawikan


### Kapag masyadong malaki ang pawikan para maisakay




**1. Alisin ang sakmal ng sangay na linya mula sa pangunahing linya** at dahan-dahan hilahin ang sangay ng linya hanggang sa makalapit ang malaking pawikan sa barandilya.



**2. Dahan-dahang hilahin ang sangay na linya** upang madala ang pawikan sa gilid ng barko. Suriin ang situwasyon at alamin kung anong mga kagamitan ang kakailanganin upang mapakawalan at maalis ang anumang nakapulupot sa pawikan hangga't maaari.



**3. Kung ang pawikan ay napulupot sa linya**, abutin ang linyang nakapulupot gamit ang *kawil na may tikin*, iingatang huwag masundot ang hayop. Pahintulutan ang tagamasid ng NOAA na gumamit ng *mahabang tikin* upang makakuha ng DNA sample.



**4. Kung nakawil ito**, gamit ang tikin na pantanggal ng kawil, hilahin ang linya sa silo ng tikin na pantanggal ng kawil, paikutin ng 45 na digri, at i-islayd ang pantanggal ng kawil hanggang sa hawakan ng kawil.




**5. Kung nakawil ito**, gamit ang tikin na pantanggal ng kawil: alisin ang kawil, kung pwede itong maalis o nakalabas at magkasabay na ikutin at itulak ang kawil upang maalis ito mula sa laman ng hayop. Kung nabigo na maalis ang kawil pagkatapos ng dalawa or tatlong pagtatangka, gumamit ng pamutol na may mahabang hawakan upang putulin ang linya hangga't maaari malapit-lapit sa kawil.




# Pawikan


## Kapag masyadong malaki ang pawikan para maisakay




6. **Kung ang kawil ay nalunok**, gamitin ang pamutol ng linya na may mahabang hawakan upang putulin and linya hangga't maaari ay malapit-lapit sa bunganga (kung ang linya na nakakabit sa kawil ay gawa sa bakal, putulin gamit ang trangka o mga pamutol ng alambre hangga't maaari malapit-lapit sa bunganga).



8. **Kung ang pawikan ay napulupot sa linya**, gamit ang tikin na pamutol ng linya (1) hangga't maaari, unang putulin ang linya na malapit-lapit sa bunganga (kung nalunok nito), (2) putulin ang linyang nakapulupot sa paligid ng palikpik at leeg, at (3) sa huli, putulin ang mga natitirang engranahe mula sa katawan.



7. **Kung nakawil at napulupot** (1) hawakang mabuti ang pawikan at sungkitin ang nakapulupot na linya gamit ang kawil na may tikin, (2) kung nakikita mo ang kawil, subukang alisin ang kawil gamit ang tikin na may pang-alis ng kawil, at (3) putulin ang natitirang linya gamit ang tikin na may pamutol ng linya. Hangga't maaari, subukang kunin ang lahat ng engranahe kabilang ang kawil at isampa sa barko.



9. **Pakawalan ang pawikan na walang nakakabit na engranahe.**

10. **Itala and pangyayari sa inyong talaan:**

- (1) Itala ang uri ng hayop.
- (2) Ilarawan ang anumang engranahe na naiwan pa rin sa pawikan.

| Protected Species |           |         |      |
|-------------------|-----------|---------|------|
| Number Released   |           |         |      |
|                   | Uninjured | Injured | Dead |
| <b>TLES:</b>      |           |         |      |
| rback 54          |           |         |      |
| en 53             |           |         |      |







## Pating

Tatlong uri ng pating na madalas maenkuentro sa kitang sa Pasipiko ay protektado, o pinangangambahan ang bilang nila: mga pating na oceanic whitetip, scalloped hammerhead, at silky. Dapat higit na maingat ang pagtangan sa kanila hanggat maari upang sila ay mapalayang matiwasay at mabubuhay.


**Pating (White Tip)**



**Lagareng Pating (Scalloped)**



**Pating (Silky)**




Ayun sa batas dapat pakawalan ang mga oceanic whitetip at silky na pating (50 CFR 300.226).

### Kung nakawil o napulupot ang pating:



**1. Itigil ang barko.**




**2. Itabi ang pating sa barko.** Iwanan ang pating sa tubig; huwag ilagay sa kubierta. Mas ligtas ito sa tubig.


Kung malaki ang pating, maaaring magkabit ng aparato kontra-igkas (flyback prevention device) sa sangay na linya upang maiwasan ang sakuna sa tingga o kawil na lumilipad pabalik.




# Pating



3. **Kung nakawil ang pating**, gumamit ng tikin na pantanggal (long-handed dehooker) upang alisin ang kawil hanggat maaari.



3a. **Kapag mono ang linyang dulo**, gumamit ng tikin na may talim. Putulin ang linya lampas ng tingga, malapit sa kawil hanggat maaari.



4. **Kung napulupot ang pating**, gamitin ang tikin na may talim at alisin ang linyang nakapulupot sa kanya.

| PELAGIC SPECIES |                |          |
|-----------------|----------------|----------|
|                 | NUMBER OF FISH |          |
|                 | Kept           | Released |
| Shark 7         |                |          |
| Shark 8         |                |          |
| Shark 9         |                |          |




5. **Itala sa aklat ang nangyari**. Isulat ang uri ng pating, at kung ito ay pinalaya o tinangay mo.



## Dambuhalang Pagi




1. Itigil ang barko.



2. Kung maaari, itabi sa barko ang dambuhalang pagi. Laging iwan sa tubig ang hayop na nakalubog nang sa ganoon, mas mataas ang pag-asang mabubuhay ito pagkalaya.

Kung hindi napulupot ang hayup at maaari itong itabi sa barko, maaaring magtali ng aparatong kontra-igkas (flyback prevention device) sasangay na linya nang may panangga sa **sakunang dulot ng tingga o kawil na lumilipad pabalik.**




Flyback prevention device



Cephalic lobes

3. Upang matiyak na mabilisang mapalaya ang hayup at maiwasan ang mga sugat, gumamit lamang ng aparatong mahaba ang hawakan na pang-alis ng gamit pang-isda.

Habang inaalís ang gamit na nahihila sa sangay na linya, iwasang mabundol ang hasa (gills) at “cephalic lobes” (bahaging anyong sungay ng pagi).



Gills








## Dambuhalang Pagi

**Kung nakawil ang pagi:**

**3a. Kung monofilament ang leader,** putulin na gamit ang tikin na may talim, malapit sa kawil hanggat maaari.




**3b. Kung nalunok na ng pagi ang kawil,** putulin ang leader, malapit sa bunganga hanggat kaya.





## Dambuhalang Pagi


3c. **Kung napulupot ang pagi,** hawakan ang sobrang linyang napulupot na gamit ang tikin na kalawit, habang gagamit ang kasama ng tikin na may talim na pangtanggag ng napulupot na linyang monofilament na kayang alisin. Iwasang mabundol ng mga mahabang gamit na ito ang hayup.



4. Itala ang nangyari sa talaang aklat sa ilalim ng "protected species" bilang "Giant Manta Ray" at ang kundisyon ng hayup nang pinakawalan.


| Protected Species | Number Released |                                     |      |
|-------------------|-----------------|-------------------------------------|------|
|                   | Uninjured       | Injured                             | Dead |
| TLES:             |                 |                                     |      |
| back 54           |                 |                                     |      |
| en 53             |                 | <input checked="" type="checkbox"/> |      |

**Terminal mouth**



Isaisip na ang giant manta ray ay mayroong bungangang "terminal" na nakikita sa kaduloduluhan ng hayup.

**Ventral mouth**



Ang ibang species ng malalaking pagi ay may bungangang "ventral," palikud at nasa bahaging ilalim ng hayup.




## Balyenang Maliliit at Lumba-lumba



- 1. Sabihan agad ang kapitan.**  
Kung wala ang kapitan sa kubierta, sabihan siya sa kubol ng timonero.




- 2. Itigil ang barko.**



- 3. Suriin ang lagay ng hayup-dagat.** Agad suriin ang situwasyon nang matiyak na hindi nalunok ng "marine mammal" ang kawil. Kung ganoon nga, baka sakaling maunat ang kawil nang hindi na masasaktan pa ang hayup.

Tiyaking magkaroon ang tagamasid ng pagkakataong makilala ang tamang uri.




- 4. Kung lumalaban ang hayup,** magpadausdos ng flyback prevention device sa sangay na linya bilang panangga sa pag-igkas ng tingga.




## Balyenang Maliliit at Lumba-lumba


5. Itali ang isang dulo ng "fighting line" sa barandilya, nang may-ahun ang linya.



6. Ihiwalay ang sangay mula sa linya mayor. Ipasa ang ibang dulo ng fighting line sa "snap" ng sangay na linya at idugtong agad ito sa fighting line.




7. Subukang ituwid ang kawil, gamit ang "dynamic tension." Isang paraan ay paghila sa fighting line. Maaari ding gamitin ang "drum hydraulics" na ipapaliwanag sa hakbang blg. 8.




8. Gamitin ang "mainline drum." Kung kailangan, alisin ang sangay na linya at ang fighting line sa talian at ikabit sa ikiran ng linya mayor, at marahang gumamit ng "drum hydraulics" na pantulong sa pagtuwid ng kawil, o sa pagpalapit ng hayup sa barko.

\*Huwag mag-aksaya ng panahon sa pag-unat ng kawil, nang maiwasang masaktan o ma-"stress" ang hayup. Kapag hindi pa naunat ang kawil makaraan ang ilang minuto, o natiyak mo sa anumang sandali na nalunok na ito ng hayup, gawin ang susunod na hakbang.





Balyenang Maliliit at Lumba-lumba



9. Kung ayaw maunat ang kawil, o nalunok na ito ng hayup-dagat, ilapit ang hayup sa barko at putulin ang linya, gamit ang tikin na may talim, malapit sa kawil (o bunganga), hanggat kayang abutin.

10. Itala ang nagyari sa logbook.

- 1. I-ulat ang uri (species).
2. Sabihin kung may natitirang gamit pang-isdang nakakabit sa hayup.

Table with columns: Protected Species, Number Released (Uninjured, Injured, Dead). Includes a 'TLES:' label and a hand-drawn pencil writing on a grid.

11. Kumpletuhin ang marine mammal reporting form. Dapat sulatan ng kapitan ang Marine Mammal mortality/injury reporting form.



MARINE MAMMAL AUTHORIZATION PROGRAM MORTALITY/INJURY REPORTING FORM

National Marine Fisheries Service, 1315 East-West Highway, Silver Spring, MD 20910

PLEASE PRINT NEATLY AND IN CAPITAL LETTERS

Form with numbered sections 1-18 for reporting vessel information, location, and mortality/injury details.




## Pagpigil sa biglaang pagsikad/ pabalik ng tingga


### Paano gumawa ng gamit na pipigil sa pagsikad pabalik ng tingga (flyback prevention device)

Maaring maging pagsubok ang paghawak sa malalaking hayop sa paraan na maiiwasan ang paglipad ng tingga pabalik sa tauhan ng barko.


1. Butasan ang gitna ng maliit na boya para lagyan ng kadenang bakal.




2. Maghabi ng sangay ng tansi sa isang talampakan ng kadena, mag-iwan ng ilang talampakan ng tansi sa bawat dulo ng kadena para ibalot o ipulupot sa boya.




3. Ipasok ang dalawang dulo ng tansi sa gitna ng boya at patuloy na ipulupot paikot sa boya hangang wala nang matirang tansi.



4. Ipasok ang kadena sa loob ng boya at hilahin nang mahigpit ang mga linya.



5. Magtali ng sakmal ng kitang sa magkabilang dulo ng tansi sa ibabaw ng boya.






# Ibong dagat

## KAILANGAN NG


-   
→ tuwalya
-   
pamputol ng alambre o plais
-   
sigpaw
-   
guwantes
-   
safety goggles
-   
ligtas na kulu-ngan ng ibon

1.




- Itigil ang barko para mabawasan ang pagkabanat ng linya.
- Magsuot ng guwantes, safety goggles, at pantakip sa braso bilang proteksyon.
- Gumamit ng sigpaw para maisakay ang ibon sa barko.

2.




- Hawakan ang ibon sa tuka na hindi natatakpan ang butas ng ilong.
- Itiklop ang pakpak ng ibon papunta sa katawan.

3.



- Takpan ng tuwalya ang ibon para protektahan at pakalmahin ito.
- Saklangan ang ibon kung kinakailangan.

4.



### Alisin ang anumang nakapulupot na linya.

*TANDAAN: kung ang ibon ay isang albatros na may matinkad na kulay rosas na tuka, ito ay maaring "short-tailed albatross" (STAL). Tignan ang pahina sa likod para sa kinakailangan sa paghawak ng STAL batay sa (50 CFR 665.815[b]).*


5.



### Kung kayang hawakan ang kawil pero hindi makita ang sima:

- Itulak ang kawil papasok sa balat para lumabas ang sima.
- Gumamit ng plais para pitpitan ang sima o pamputol ng bakal para putulin ang sima.
- Hilahin pabalik ang kawil hanggang sa lumabas.


6.



### Kung hindi makita ang kawil (nalunok ng malalim):

- Putulin lahat ng nakikitang linya at iwanan ang kawil sa loob ng ibon.

7.



- Iwanan ang ibon sa loob ng ligtas na kulungan at hayaan itong makapagpahinga.
- Huwag magbigay ng pagkain o tubig sa ibon.

8.

### Maari nang pakawalan ang ibon sa ibabaw ng dagat kung:

- Tuyo na ang balahibo (mga kalahati hanggang 4 na oras)
- Alerto ang ibon at nakatayo ang ulo nito.
- Humihinga ng walang ingay.
- Pumapagaspas ang pakpak at tumitiklop sa likuran.
- Nakakatayo sa parehas na paa at nakaharap ang daliri.



9.

### Kung hindi bumuti ang kalagayan ng ibon matapos ang 4 na oras, maaring:

Pakawalan ang ibon sa ibabaw ng dagat o tumawag sa pinakamalapit na lugar na nagliligtas ng mga ibon ("bird rescue center") para sa karampatang patnubay (para sa mga barko na isa hanggang dalawang araw ang layo sa daungan o pantalan):

- Honolulu (808) 884-5000
- Los Angeles (310) 514-2573
- San Francisco (707) 207-0380





### Short-tailed Albatross (Albatros)



Bata




Sub-adult



Matanda

### [Sundan ang Hakbang 1 hanggang 4 sa likuran ng pahina]

5.



- Ilagay ang buhay na ibon sa loob ng ligtas na kulungan\*
- Huwag bigyan ng pagkain o tubig ang ibon.


6.



Agarang tumawag sa NMFS, U.S. Coast Guard (USCG), o U.S. Fish and Wildlife Service (USFWS) para humingi ng gabay ng beterinaryo.


NMFS: 808-725-5000  
 USFWS: 808-792-9400  
 USCG: 808-535-3333  
 Email: JRCCHonolulu@uscg.mil  
 VHF-FM kênh 16  
 (in the main Hawaiian Islands)

7.



- Ilagay ang ibon sa loob ng ligtas na kulungan at sundan ang gabay ng beterinaryo para sa pag asikaso at pagpapakawala ng ibon.

8.



**Kung ang ibon ay nakawil sa katawan at walang gabay ng beterinaryo sa loob ng 24-48 oras:**

- Itulak ang kawil sa balat upang lumabas ang sima.
- Gumamit ng panggupit ng bakal upang magupit o maputol ang sima.
- Hilahin pabalik ang kawil hanggang sa lumabas.


9.



**Maaring pakawalan ang ibon sa ibabaw ng dagat kung:**

- Tuyo ang balahibo (mula kalahati hanggang 4 na oras)
- Alerto ang ibon at nakatayo ang ulo nito.
- Humihinga ng walang ingay.
- Pumapagaspas ang pakpak at tumitiklop sa likuran.
- Nakakatayo sa parehas na paa at nakaharap ang daliri.
- Sagutan ang STAL recovery data form na galing sa NMFS.

10.



**Kung hindi makita ang kawil (nalunok ng malalim) at/o hindi pa gumaling ang ibon tulad ng nakasaad sa "box 9":**

- Huwag magbigay ng pagkain o tubig sa ibon.
- Putulin ang linya na pinakamalapit sa nalunok na kawil.
- Sagutan ang "STAL recovery data form" na binibigay ng NMFS.
- Kaagad na ipadala ang ibon sa NMFS pagdating ng barko sa pantalan.

\*Kung patay na ang ibon, punan ang itaas na parte ng STAL recovery data form. I-freeze ang ibon kasama nang nakakabit na ID tag na nagsasaad ng uri, lokasyon, petsa ng kamatayan, "band number" kung ang ibon ay may singsing sa paa. Anumang singsing na makikita ay dapat manatili sa ibon. Magkabit ng kaparehas na ID tag sa bag o lalagyan ng ibon. Tumawag sa NMFS, USFWS, o USCG sa mga numerong nakalista sa ika-6 na Hakbang. Ipagbigay alam na mayroon kayong patay na STAL sa inyong barko at ipadala ang ibon sa NMFS sa loob ng 72 oras matapos ang pangingsida.






## Balimbing Pawikan (Leatherback Sea Turtle)



- Madilim na abuhin o itim ang kulay na may puting batik-batik
- Kaisa-isang uri na may malambot na talukab
- Napakalaki




5 hangang 7 taluktok sa likod mula ulo hanggang buntot




Itaas na panga or tuka ay korteng-W




## Garanga Pawikan (Loggerhead Sea Turtle)



Makapal at malapad ang leeg at may malaking ulo




3 pares ng kaliskis sa may gitnang gilid



5 kaliskis sa gitna at 5 sa tagiliran




4 hangang 5 kaliskis sa ulo




- Gitnang kaliskis
- Gitnang gilid na kaliskis
- Tagilirang kaliskis
- Kaliskis sa ulo




### Kantiwan Pawikan (Olive Ridley Sea Turtle)




Kulay oliba at korteng puso ang talukab




5 gitnang kaliskis at 5 hanggang  
9 na tagilirang kaliskis



4 na kaliskis sa ulo




4 na pares ng gitnang gilid na kaliskis na may isang butas bawat isang kaliskis




- Gitnang kaliskis
- Tagilirang kaliskis
- Gitnang gilid na kaliskis
- Kaliskis sa ulo


### Tabugon Pawikan (Green Sea Turtle)



Mala-araw na disenyo sa batang pawikan




5 panggitnang kaliskis at  
4 na tagilirang kaliskis




Ngipin ngipin sa pambabang panga



2 kaliskis sa ulo




4 na pares ng gitnang gilid na kaliskis




- Gitnang kaliskis
- Tagilirang kaliskis
- Gitnang gilid na kaliskis
- Kaliskis sa ulo




## Kalahan Pawikan (Hawksbill Sea Turtle)



Kapansin-pansin na korteng lawin ang ibabaw na tuka




4 na kaliskis sa ulo



4 na pares ng gitnang gilid na kaliskis

5 nagpapatong-patong na gitnang kaliskis at 4 na nagpapatong-patong na tagilirang kaliskis

- Gitnang kaliskis
- Gitnang gilid na kaliskis
- Tagilirang kaliskis
- Kaliskis sa ulo



## Ibong Dagat



**Laysan Albatross**  
(Albatros/Ngasang ibon)

- Halos kulay puti ang buong katawan
- Kayumanggi ang pakpak, likod at buntot



**Black-footed Albatross**  
(Ngasang itim)

- May kulay puting pabilog sa may buntot
- Itim/kayumanggi ang tuka at balahibo



**Short-tailed Albatross**  
(Ngasa-ngasa)

- Kakaibang kulay rosas na tuka
- Itim/kayumanggi ang balahibo kapag bata pa
- Pagtanda, nagiging puti at dilaw ang balahibo



**NOAA**  
**FISHERIES**

National Marine Fisheries Service  
Pacific Islands Regional Office

## GABAY SA PAKAKILANLAN NG URI NG HAYOP



### Lumba-lumba

(Risso's Dolphin)


- Pudpod ang dulo ng ulo
- Mataas at pakurbang palikpik sa likod
- Puting mga peklat (mas madami habang tumatanda)
- Kulay abo ang katawan (6 hangang 12 talampakan ang haba)
- Puting leeg at tiyan



### Lumba-lumba

(Rough Toothed Dolphin)

- Puti o kulay rosas na mga patse sa tiyan
- Walang kulubot sa tuka o ulo
- Puting labi



### Balyena

(False Killer Whale)

- Ang layo mula sa butas na hingahan ("blowhole") hangang sa likod na palikpik ay karaniwang 2.5 hangang 4 na beses na lapad ng likod na palikpik at ang likod na palikpik ay umaabot hanggang kalahati ng haba ng katawan
- Karaniwang 12 hanggang 15 talampakan ang haba



### Balyena

(Short-finned Pilot Whale)

- Ang palikpik sa likod ay halos isang palikpik ang lapad mula sa butas na hingahan at 1/3 ng haba ng katawan
- Karaniwang 15 hangang 18 talampakan ang haba



**NOAA  
FISHERIES**

National Marine Fisheries Service  
Pacific Islands Regional Office

## GABAY SA PAKAKILANLAN NG URI NG HAYOP



### **Pating**

(Oceanic Whitetip Shark)

- Malapad na nguso
- Puti ang dulo ng mga palipkik sa likod at tagiliran



### **Pating**

(Silky Shark)

- Kulay tanso at kayumangging katawan
- Maliit ang palipkik sa likod



### **Lagareng Pating/ Krusan Pating**

(Scalloped Hammerhead Shark)

- May gutli sa gitnang linya ng nguso ("scalloped")



### **Dambuhalang Pagi**

(Giant Manta Ray)

- Nasa harap ang bibig sa pinaka unahan ng ulo



U.S. Secretary of Commerce  
**Gina M. Raimondo**

Acting Under Secretary of Commerce  
for Oceans and Atmosphere  
**Rick W. Spinrad**

Assistant Administrator for Fisheries  
**Janet Coit**

January 2024

[www.fisheries.noaa.gov](http://www.fisheries.noaa.gov)

OFFICIAL BUSINESS

**National Marine  
Fisheries Service**

NOAA Inouye Regional Center  
1845 Wasp Blvd., Bldg. 176  
Honolulu, HI 96818

## Contacts

### Protected Species Workshops

NMFS Pacific Islands Regional Office  
1845 Wasp Blvd., Bldg. 176  
Honolulu, HI 96818  
**Phone:** (808) 725-5000  
**Email:** [piropsw@noaa.gov](mailto:piropsw@noaa.gov)  
**Web:** <https://go.usa.gov/xvND7>

### American Samoa Field Office

NMFS Pacific Islands Regional Office  
Pago Plaza  
Highway 1, Suite 202  
Pago Pago, AS 96799  
**Phone:** (684) 633-5326

### Vessel Departure Notification or Observer Placement

NMFS Observer Program Contractor  
Lynker, LLC, Attn: Josee Vincent, Program Director  
47-559 Nenehiwa Pl.  
Kaneohe, HI 96744  
**Vessel call-in:** (808) 235-5575  
**Email:** [jvincent@lynkertech.com](mailto:jvincent@lynkertech.com)  
**Office:** (808) 321-9183

### Obtain or Submit Logbooks

NMFS Pacific Islands Fisheries Science Center  
1845 Wasp Blvd., Bldg. 176  
Honolulu, HI 96818  
**Phone:** (808)725-5325  
**Email:** [walter.machado@noaa.gov](mailto:walter.machado@noaa.gov)

### VMS, Enforcement Information, or to Report a Violation

NOAA Office of Law Enforcement  
1845 Wasp Blvd., Bldg. 176  
Honolulu, HI 96818  
**Phone:** (808) 725-6110  
**Confidential hotline:** (800) 853-1964  
**Fax:** (808) 725-6199  
**Web:** <https://www.fisheries.noaa.gov/topic/enforcement>